CENTER FOR TRADE UNION AND HUMAN RIGHTS
CTUHR




# Marahas na `Kaayusan', Lumulubhang Kahirapan

## Ulat sa Kalagayan at Karapatang ng Manggagawa sa Unang Taon ng Administrasyong Duterte

Hulyo 2017

# BALIKTANAW SA MGA PANGAKO NI DUTERTE

Tunay na Pagbabago! Malinaw na malinaw pa rin sa isipan ng milyon milyong Pilipino ang mga pangakong nagbasura sa mga karaniwang tradisyonal na kandidato sa pagkapangulo noong Mayo 2016. Mga pangakong naghatid kay Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa kapangyarihan, niyakap at inaasahan ng mahigit 16 milyong Pinoy at umakit ng ibat-ibang interes mula sa tagasuporta at kritiko sa buong mundo.

Tila isang bagong bayan ang nailuwal sa pagkahalal kay PDuterte. Sa kanyang kampanya, malalakas na palakpak at sigawan ang sumasalubong sa tuwing binibigkas n'ya ang mga pangakong:

- Pagresolba ng problema sa droga sa loob ng tatlong buwan, para pangalagaan ang mga bata at kinabukasan ng bansa
- pagtugon sa problema sa krimen at korupsyonv
- Pagwawakas sa `Endo' at kontraktwalisasyon, hindi ito makatao
- Pagpapatupad ang pambansang sahod , hindi pwedeng mas mababa ang sahod sa mga probinsya
- Pabahay para sa mahihirap
- Pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal
- Pagsusulong ng usaping pangkapayapaan at pagtatapos ng mga armadong tunggalian

Sa pagluklok n'ya sa pwesto, lumitaw ang unti-unti niyang paglayo sa pangako at pagsunod n'ya sa dikta ng malalaking dayuhan at lokal na kapitalista kahit pa sinasabi niyang ang tunguhin na hanguin ang nakararami mula sa kahirapan. Marami ang nag-abang sa SONA noong 2016, lalo pa't ito ang kauna-unahang pagkakataon na pinayagan ang mga rali yista na makalapit sa House of Representatives at nag- -imbita ng ilang kinatawan para makausap niya. Subalit dismayado ang mga manggagawa sa kanyang talumpati, sapagkat sa walong (8) prayoridad ng kanyang administrasyon, walang nabanggit hinggil sa manggagawa.

Una sa walong prayoridad, nangunguna ang Todo Gera kontra Droga at Kriminalidad. Sumumpa s'yang tutugusin at hindi maglulubay ang kampanya hanggang ang kahuli-hulihang sangkot na drug lord, financiers, pushers at lulong sa droga ay hindi na-

kukulong o namamatay kung kakailanganin.

Ipatutupad ito sa lahat ng antas at ng lahat ng yunit ng pamahalaan mula Malacanang hanggang barangay, at inaatasan ang PNP at katuwang ang militar sa pagpapatupad. Ang mga military camps ay magsisilbing drug rehabilitation facilities.

Ikalawa ay pagsusulong ng matagalang kapayapaan sa lahat ng rebeldeng grupo, CPP/NPA/NDF, MILF, MNLF, at pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal sa pamamagitan ng isang Presidential Proclamation; kasabay nito pangako niyang dudurugin ang terorismo sa bansa;

Ang ilang pa sa mga prayoridad ay ang:

1. paglikha ng `national broadband plan' para sa libreng WI-FI sa lahat ng pampublikong lugar, parke, airports, seaports, government hospital, silid aklatan etc.h
2. Mas mababang buwis (personal at corporate income tax) para sa masiglang ekonomiya at maiangat ang mahihirap
3. Mas mahusay ng pang-ekonomyang patakaran, pero wala siyang babaguhin sa mga nauna, paghuhusayin lang ang mga ito;
4. Pagtatapos ng kalbaryo ng mga commuters lalo na sa MRT/LRT, mas maraming pagpipilian, hiling n'ya, emergency power at pagtitiyak ng malinis na pamamahala;
5. Wala ng mahahabang pila sa mga opisina ng pamahalaan, simpleng mga rekesito para sa aplikasyon ng lisensya;
6. Aalisin ang pamumulitika, hindi mabubuhay sa nakaraan, at magpo-pokus sa kasalukuyan at paghahanda sa hinaharap, isang maunlad at payapang Pilipinas

Isa sa mga dahilan ng pagkadismayado ng taong bayan, sa kanyang kampanya laban sa katiwalian, wala siyang binanggit na hindi sisingilin sa mga kasalanan at usapin ng pandarambong ng kaban ng yaman ng nakalipas na administrasyon. Bilyong piso ang ninakaw sa taong bayan, na dapat sana ay nagamit sa serbisyong panlipunan pero nanahimik lamang si PDuterte. Hindi naman ito nakapagtataka lalo pa't kapwa sinuportahan ni Glo-

ria Arroyo at ng mga Marcoses ang kanyang kandidatura. Ipinangako rin n'yang ipapalibing si Marcos sa Libingan ng mga Bayani.

Pero ang higit na ikinadismaya ng mga manggagawa, ay ang kawalan ng pagbanggit PDuterte sa pangakong pagpapatigil sa kontraktwalisasyon, pagkakaroon ng pambansang sahod at pabahay para sa mga mahihirap. Dismayado man, umasa pa rin ang milyon-milyong manggagawa na mahihinto ang kontraktwalisasyon na ilang dekada ng nagpapahirap sa mga manggagawa at nagpahina sa kilusang unyon.

Isang taon na't magbibigay ng kanyang unang Ulat sa Bayan si PDuterte sa taong bayan sa Hulyo 24. Tiyak, ipagmamalaki n'ya ang tagumpay raw ng gera kontra droga, gera kontra terorismo, at ang nauna n'yang gera kontra-mga rebelde na itinuturing ng mga militarista sa kanyang gabinete at ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na terorista. Ilang dekada na rin hinangad at nabigo ang AFP na madurog ang rebolusyonaryong kilusan. Habang lumalaki ang bilang nga mga napapaslang sa mga gerang kanyang iwinawasiwas laban sa mamamayan, may pinagbago ba ang kabuhayan at pamumuhay ng mamamayan? May nagbago nga ba sa kalagayan ng mga manggagawa na kasamang nagluklok sa kanya sa poder ng kapangyarihan?

## I. `KAAYUSANG' NAKASANDIG SA DAHAS

Kakaiba si PDuterte sa mga nakaraang administrasyon sa maraming bagay. Sa kampanya, tinawag niya ang sarili na sosyalista na may malalim na pagmamahal sa bayan, sa kapwa Pilipino. Naging simbolo pa nga niya ang `modified' na taas kamao ng militante at progresibong kilusan na biglaang naging katanggaptanggap maging sa ma elitista at panggitnang pwersa. Isinama rin niya sa kanyang kabinete, sa sari- ling n'yang inisyatiba ang kilalang personahe mula sa mga progresibong kilusan, mula sa tinatawag nilang grupong makakaliwa tulad ng Kalihim ng Department of Agrarian Reform (Sec. Rafael Mariano), Deparment of Social Welfare and Development (Sec. Judy Taguiwalo) at ang National Anti-Poverty Commission (Sec. Liza Maza). Pero ang mas matingkad na pagkakaiba n'ya ay ang kanyang marahas na pamamahala, pagsandig sa kamay na bakal at pagpili sa mga militaristang 'solusyon' sa pagharap sa iba't ibang usapin. Lantaran rin

ang pagbibigay n'ya ng todong kapangyarihan sa pulis at militar sa pagpapatupad daw batahs at kaayusan kahit magresulta ito sa pagpaslang at iba't bang porma ng paglabag sa karapatang pantao at ng mamamayan, at kawalang pananagutan (impunity) ng mga ito.

Tampok ang gera kontra droga (Oplan Tokhang ), todo gera sa mga NPA (pa- ngontra sa atake ng huli ng minsang magalit si Pangulong Duterte) at gera kontra terorismo lalo na sa Mindanao. Ang lahat ng ito ay umani ng suporta at batikos. Pero ayon sa mga sarbey, napanatili ni PDuterte ang mataas na `popularity ratings niya' sa 67%, lalo na ng matapos katigan ng Korte Suprema ang Martial Law sa Mindanao na idineklara niya noong Mayo 23, 2017.

Matatawag bang tagumpay ang di naglulubay na atake sa karapatan ng mamamayan?

Sa ganitong katangian ng pamamahala, nalalantad at tila minamanhid ang mamamayan lalo na ang mga bata sa walang habas na karahasan dulot ng mga gerang winawasiwas sa mamamayan.

Mapanganib at nakakaalarma rin ang kanyang pagkahilig sa pagmumura o pagbibiro na nakakainsulto o umaatake sa karapatan at da-ngal ng kababaihan, tulad ng paghahalay. Wala ng nakakatawa sa kanyang pagmumura kaharap ang midya, sa halip nagiging masama itong halimbawa lalo na sa mga bata na maaring magturing na ito ay normal dahil sa Pangulo mismo nagmumula. Ang ganitong istilo ay isang malinaw na korupsyon sa pag-iisip ng taong bayan at nagpapamanhid sa paki- ramdam hanggang maging mistulang katanggap-tanggap ang mga ganitong gawi.

A. **Gera KONTRA DROGA at Paglalalim ng kultura ng kawalang Pananagutan**

Bago pa lang opisyal na umupo si PDuterte sa pwesto, umarangkada na ang digma kontra droga. Sa unang mga araw at linggo ng kampanya, o Oplan Tokhang, naka-kagulat ang libo-libo bilang ng mga indibidwal ng mga tulak at lulong sa ilegal na droga ang sumuko sa pamahalaan. Katunayan, ayon sa PDEA (Philippine Drug Enforcement Agency), 1.3 milyong indibidwal raw ang sumuko at

86,984 na mga suspek na sangkot ang inaresto sa unang taon ng administrasyong Duterte kumpara sa 18,766 inaresto sa unang taon ng Benigno Aquino administrasyon. Sa unang pagkakataon, lumantad sa mamamayan ang lawak, lalim at saklaw ng mga sangkot sa kalakalan sa droga na naging tago sa mga nakaraang administrasyon. Ngunit, mas malamang nakakonsentra lamang ang numerong ito sa tulak droga sa kalsada at hindi ang malalaking isda.

Halimbawa, matapos makulong si Sen. Leila de Lima dahil sa pagkadawit n'ya sa kalakalan at pagmanupaktura ng droga sa Bilibid Prison, nawala na sa eksena ang mga pangalan ng sinasabing mga heneral at mala-libro sa kapal na listahan na winawagayway ni PDuterte sa mga panayam sa midya. Ang pinakahuli nito lamang, inuutos niya na ibalik sa pwesto si CIDG Region 8 chief Marvin Marcos, na hinihinalang may kinalaman sa pagpaslang kay Albuera Mayor Rolando Espinosa Sr., sa loob ng kulu- ngan. Kilala si Marvin Marcos na sa loob ng PNP at inaakusahan ni Kerwin Espinosa na tumatanggap ng payola para sa proteksyon ng kalakalan ng droga lalo na sa Visayas region, malapit si Marvin Marcos kay PDuterte.

Subalit, hindi binanggit ng kanilang pagtatasa ang bilang ng mga malulupit na pagpaslang sa loob at labas ng `lehitimong' operasyon ng kapulisan. Sa kampanyang, dumami ang mga kaso ng pagpatay ng vigilante na tinatrato lamang ng kapulisan na nasa proseso ng imbestigasyon. Tinatayang aabot na sa 10,000 ang naging biktima nito at araw-araw ay nadaragdagan pa ang mga bilang na sa kalakhan ay mga dukha mula sa mga maralitang komunidad. Bukod sa 10,000 pinaslang, biktima rin ang kanilang mga kasapi ng pamilya na nawalan ng ama, kapatid, magulang na siyang naghahanapbuhay. Ibig sabihin, kung bawat pamilya ay may 5 miyembro, aabot na sa 50,000 ang bilang ng naulila. Tiyak ang ginagawang pagpatay, ilang beses ang pagbaril at sa ulo ang tama. Malalim din ang trauma, dahil kahit sa harap ng mga bata, ginagawa ang pamamaslang. Sa kaso ng pagpaslang sa Caloocan North halimbawa, 5 sa napatay ay nadamay lamang.

Sa loob ng isang taon, taliwas sa deklarasyon ng PNP-PDEA bigo ang gera kontra droga para mahinto ang kalakalan nito dahil hindi naman tinutugunan ng kam- panya ang ugat kung bakit naaakit sa pagtutulak ng droga ang mga maralita. Mas sa mga maliliit na tulak droga nagkonsentra ng Oplan Tokhang, saman-

talang ang mga pinaghihinalaang malalaking drug lord, o opisyal ng militar na sangkot na ang iba ay malapit sa Presidente, ay hindi na pinag-uusapan samantalang walang puknat ang kaliwat-kanang operasyon sa mga komunidad. Bigo ito, katunayan, maging sa Bilibid Prison na tinaguriang may pagawaan ng `shabu', ayon mismo kay Sec. Vitaliano Aguirre ay nagpapatuloy ito. Ang mga Special Action Forces (SAF) na inilagay dito para magbantay ang siya na ngayong tagabantay sa operasyon. Sa mga kapulisan na nasangkot sa mga maanomalyang operasyon, ang kaparusahang sinasabi nila ay ang pagpapadala sa Mindanao para humarap sa mga bandido at teroristang grupo, kung saan ginawang tapunan ng tiwali at latak na kapulisan ang Mindanao.

Higit pa rito, ginagamit  ang kampanya ng mga pulis at militar para i-harass ang mga tagapagtaguyod ng karapatang pantao at supilin ang lehitimong isyu ng mamamayan. Halimbawa gamit ang Oplan Tokhang, inaresto  ang pitong (7) lider maralita sa isang komunidad sa San Jose Del Monte, Bulacan na mariing tumututol sa  banta ng demolisyon at pangangamkam ng lupa ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP). [CTUHR 2017]. Kaya naman, sa isang sarbey ng SWS, sinasabing 73% ng mga Pilipino ang nag-aalala na maging biktima  sila ng mga extrajudical killings sa bansa kahit wala silang kinalaman sa droga.

Nitong hapon ng Hulyo 13,2017, si Francisco "Antet" Guevarra, 53.  kasapi ng GUTS-PLDT, at kapitan ng Barangay 106, Caloocan City ,ang binaril at napatay ng isang `riding in tandem' sa harap ng isang fast food chain. Ayon sa mga kasapi ng unyong GUTS-PLDT, bago ang insidente, ilang beses raw na hu-mingi ang mga pulis ng listahan ng drug pushers at users sa saklaw ng kanyang barangay. Dahil hindi nagbigay si Guevarra, inilagay rin s'ya sa drug list, at inakusahang protector ng droga.  Nakipag-usap pa si Guevarra sa  hepe ng pulis sa Caloocan para malinis ang kanyang pangalan, bago siya pinatay. Nagtamo ng tatlong tama ng baril si Guevarra, kasama ang tama sa ulo.

Kaya nga masasabi na ang dekla-rasyon ng pamahalaan na tagumpay ng kampanya kontra droga ay hindi nakabatay sa pagkahinto nito, kundi tila sa bilang ng mga napaslang na ordinaryong tao sa magkakambal na operasyong vigilante at kapulisan.

Ang labour force participation ay kabuuang bilang ng populasyon may kakayahang magtrabaho (15 taong pataas) na bahagi sa

pwersa lumalahok sa paggawa. Ayon rin sa PSA, ang trabaho ay nangangahulugan anumang pang –ekonomiyang aktibidad na ginagawa ng isang tao para sa kabayaran (in cash o in kind) sa isang establisiyemto, opisina, pribadong bahay o farm, o para sa kita o tubo, o maaaring walang bayad tulad ng family farm o business, o aktibidad na ginagawa ng isang farm opereytor o miyembro ng kanyang pamilya kapalit ng kasunduan sa paggawa.

### B. Nagpapatuloy na pampulitikang pamamaslang sa gitna ng Usaping Pangkapayapaan

Sa kabila nito, kahit pabago-bago, paurong-sulong at nakakalito ang mga pahayag, isinusulong pa rin naman ng administrasyon ang usaping pangkapayapaan sa National Democratic Front (NDF). Pero nagpapatuloy pa rin ang militarisasyon at military bombings sa Luzon (Abram, Quezon) at Mindanao laban sa New People's Army na nagdudulot sa paglikas ng mga komunidad, ganoon din ang mga harassment at pampulitikang pamamaslang sa ilalim ng Oplan Kapayapaan – ang kontra insurhensyang programa ng administrasyong Duterte. Wala rin itong pinag-iba sa mga dati ng programa, liban sa pananalita. Ayon sa KARAPATAN, umaabot na sa 49 ang biktima ng pampulitikang pamamaslang, labas pa ito sa mga napaslang sa ilalim ng Batas Militar sa Mindanao. Ayon mismo kay Gen Delfin Lorenzana, ang mga NPA, hindi lang ang Maute group ang target ng Batas Militar sa Mindanao.

Kung matatandaan nakipagpulong din si Pangulong Duterte kay Moro National Liberation Front (MNLF) Leader Nur Misuari ng Nobyembre 2016 sa kagustuhan isulong ang naudlot na negosasyon ng GRP ng administrasyon Aquino. Nakikipag-usap din siya sa Mora Islamic Liberation Front (MILF), sabi nga n'ya, nais nyang ga- wing `inclusive' ang peace talk lalo na sa Mindanao. Ninais ng Pangulo na tapusin dekadang digmaan at pag-aalsa, na taliwas nang magdeklara siya ng ML sa Mindana kahit sa Marawi lang nagaganap ang tero rismo ng grupong Maute . Dahil sa walang habas na `air strike', umabot na 84, 855 pamilya mula sa Marawi City, Lanao del Sur, at Lanao del Norte at 1, 695 families mula sa Datu Saudi Ampatuan, Maguindanao, Matanao, Davao del Sur, and Pres. Roxas, North Cotabato ang lumikas at nagsiksikan sa mga evacuation centers. Naitala rin ng KARAPATAN ang extra judicial killings at illegal arrest na ang biktima ay Moro.

Milyon-milyong halaga ng mga ari-arian ang resulta ng Batas Militar sa Mindanao at hanggang sa sinusulat ang ulat na ito, wala pa ring intensyon ang AFP na itigil ang air strikes kahit ilan na rin mismo sa hanay nila ang namamatay sa air strikes na ito. Hindi maikakaila, ayon mismo kay PDuterte, at lumabas rin sa imbestigasyon ng National Humanitarian Mission sa Marawi noong Hulyo 15-18, 2017, na malaki ang papel ng Estados Unidos sa nagaganap na gera. May mga testigo rin at inamin mismo ng AFP na may mga sundalong Amerikano sa lugar para `tumulong' daw sa operasyon, kahit pa itinanggi ng PDuterte na alam niya ito. Si Gen. Delfin Lorenzana, ang itinalagang administrador ng Martial Law, si Gen. Eduardo Año ng AFP at Gen. Hermogenes Esperon, Security Adviser, ang may malaking responsibilidad sa pagdeklara ng ML at patuloy na aerial bombings sa Marawi. Ayon kay PDuterte mismo ay maka-Estados Unidos ng mga heneral na ito.

Marahas at nakakaalarma ang tila panunumbalik ng pasismo na siyang tinatahak na daan ng gobyernong Duterte. Ang terorismo sa Mindanao bagamat marapat na labanan sa lahatang panig, ay di sumasapat na dahilan para big yang paliwanag ang Batas Militar na patuloy na nagbibigay daan sa malawakang paglikas mga mamamayan at tumataas na tantos ng paglabag sa karapatan ng mamamayan. Higit pa rito, ang matin- ding pagkawasak ng Marawi at pagkondisyon sa isipan ng taong ba yan na maaring lumipat o maghasik ng terorismo ang ibat-ibang grupo sa ibang panig ng bansa, ay ginagawang dahilan ng pinapatinding militarisasyon 'di lamang sa Mindanao, kungdi pagpapahaba pa ng Batas Militar sa buong bansa.

Sinasalamin rin ang ganitong militaristang landasin na tinatahak ng administrasyong Duterte ang paparaming mga retiradong heneral at dating militar na tumatangan ngayon sa susing posisyon sa kanyang gabinete. Kahit pa nga umani na ng maraming batikos ang rekord ng rehimen sa karapatang pantao, wala pa rin itong binabago sa tipo ng kanyang pamamahala. Higit na nakakaalarma ay ang paglalaro ng militarista sa kanyang gabinete at Kongreso sa ideya ng pagpapahaba at pagpapalawak ng saklaw ng Martial Law sa buong bansa.

## II. Dutertenomics- Walang pinag-iba, neoliberal na programa't polisiya pa rin na may malaking pakinabang ang mga dayuhan

Habang ang atensyong ng buong bayan ay hinahatak ng madugong gera kontra droga at kriminalidad, umarangkada rin ang pang-eko- nomyang polisiya at patakaran ng administrasyong Duterte. Walang pinag-iba ang polisiya na nakasandig sa dayuhang pautang at pamumuhunan bilang prinsipal na makina ng sinasabing paglago.


Laman ng Dutertenomics, patakarang PPP or Public–Private Partnership, pagtatayo ng mga karagdagang Special Economic Zones (SEZs) lalo na sa Mindanao, at mga imprastraktura (Build, build build) na magpapadali sa daloy ng negosyo, komunikasyon at galaw ng produkto at tao sa merkado sa loob at labas ng bansa. Sa madaling salita, ito ay mga patakarang neoliberal, programang pinakinabangan ng iilan sa mahabang panahon, at naglugmok sa karamihan sa gutom at kahirapan, nagpapalala sa disempleyo at kontraktwal na paggawa atbp, na siyang naglikha mismo sa mga problema na ipinangako n'yang babaguhin.

Bangkarote ang kaban ng yaman ng Pilipinas kaya ang puhunan ni Duterte ay ang pangungutang. Tinatayang aabot sa US$ 8 trilyon ang utang ng Pilipinas sa China ayon sa tala ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) US$ 8.7 bilyon sa Japan para sa imprasraktura at maritime security at US$ 1bilyon naman sa Korea para rin sa imprasraktura. Tinagurian 'golden age of infrastructure' ito ng mga teknokrata, malalaking negosyante o mga oligarkiya.

Ibig sabihin, ang utang na ito ng Pilipinas sa Japan, Korea at China ay magradagdag sa kasalukuyang utang panlabas ng bansa na US$ 77.7 bilyon noong buwan ng Hunyo [BSP 2017] na patuloy na kumakain sa malaking alokasyon ng pambansang badyet sa

interes pa lamang. Samantala, maglalaan ang administrasyon ng Php 6.2 bilyon ngayong taon, para sa pambayad utang. At katulad ng naunang administrasyon, mangungutang para sa pambayad utang na dagdag pasanin na naman ng mamamayan. **[Tignan ang tsart1. Utang Panlabas ng Pilipinas]**

Stratehiya rin ng administrasyon ang Public Private Partnership (PPP) (dayuhan namumuhunan + lokal na kapitalista) bilang `drivers' ng paglago ng ekonomiya tulad din sa mga nakaraang administrasyon. Kasama na rito ang pagtatayo ng mga karagdagang enklabo (SEZs) at pamumuhunan sa mga tinatawag na high value added crops (e.g. palm oil). Ipagpapatuloy nito ang target ng gobyerno ni PNoy na pag-abot sa 1milyong ektarya ng lupain para




**Tsart1: Utang Panlabas ng Pilipinas**

sa oil palm, 100,000 ektarya rito ay sasakop sa mga lupang katutubo sa Palawan. Matapos bumisita sa Malaysia noong Nobyembre 26, 2016 ipinangako nya ang 80,000 ektarya lupain sa Mindanao para sa plantasyon at proteksyon ng kanilang negosyo sa bansa na tinutulan ng mga katutubo at magsasaka kung saan tatlong lider ang napaslang sa Paquibato District, Davao pa lamang. Sinisisi niya ang mga New People's Army sa pagkadiskaril ng proyekto.

Sa kasalukuyan, may 500,000 ektarya na ng lupain sa Mindanao ay kontrolado ng plantasyon ng pinya, saging at goma ng Dole, Del Monte, SUMIFRU at Sime Darby.[REAP] brie- fer, 2015, DT, May 2017]

Matibay rin ang paninidigan noon ni P.Duterte sa pagpapahinto ng dambuhala at mapaminsalang minahan, katunayan, itinalaga niya sa Gina Lopez bilang kalihim ng Department of Environment and Natural Resources (DENR). Ngunit bigla naman niyang binawi ang suporta nang binida ni Gina Lopez ang pagkakansela ng 75


Mineral Production Sharing (MPSA) o mining permits at ang pagpapasarado ng 28 kumpanya ng minihan. Pinalitan si Gina Lopez ni Gen. Roy Cimatu, na bukod sa pagtatanim ng puno ang alam sa usaping pangkalikasan, kilala s'ya sa madugong rekord ng paglabag sa karapatang pantao. Kaya naman sa pag-upo niya, binaliktad n'ya ang kautusan ni Lopez na hindi ipamahala ang pagbibigay ng permit sa lokal na pamahalaan para maiwasan ang korupsyon at katiwalian.

Ayon naman sa PEZA, may 29 SEZs ang nakahanda para aprubahan, karamihan nito ay nasa Mindanao, at may target pang higit sa 100. Itatayo rin ang mga enklabong nakapartikular sa industriya lalo na ang `defense at tourism' o industrial defense complex sa Palawan at Zambalez. Kilala at dumami ang bilang ng mga

engklabo sa kontra-manggagawa at kontra-unyong patakaran at kalakaran. Ganoon din ang mahigpit na seguridad na ipinagkaloob ng mga pwersa ng estado para sa proteksyon ng mga namumuhunan.

## Lumulubhang Krisis sa Trabaho


Ayon sa tala ng Philippine Statistics Authority, umaabot sa 43.2 milyon ang populasyong lumalahok sa pagggawa o labor participation. Hindi isinasama sa datos na ito ang mga OFWs sa pwersa ng paggawa sa Pilipinas. **(Tsart2. Employment Situation in the Philippines)**




Tsart2: Employment Situation in the Philippines

Kahit dumarami ang lumalahok sa paggawa, hindi nababawasan sa halip ay tumataas pa ang bilang ng walang trabaho sa bansa. Sa opisyal na datos mismo, tumaas ng 6.6% ang bilang ng walang trabaho noong Enero ng taong ito.

Tsart3: Employment Situation in the Philippines




Ayon sa ibang mga sarbey, nadagdagan ng ng tatlong (3) Milyon ang walang trabaho sa pagtatapos

ng 2016 at umaabot na sa 11.2M [SWS, Ibon, Jan 2017] **(Tsart3. Unemployment Rate in the Philippines)**. Nitong Hulyo, bumaba raw ng ba- hagya ang bilang ng walang trabaho, sa 5.8% o 1 sa 17 manggagawa ay unemployed. Mapanlinlang ang datos, sapagkat sa datos na inilalabas, 'di isinasama sa pagkwenta ng mga unemployed, hindi kasama ang Region 8, o Samar at Leyte matapos masalanta ng bagyong Yolanda. Kalakhan ng walang trabaho ay mga kalalakihan at mga kabataan.

Mapanlinlang ang datos, sapagkat sa datos na inilalabas, 'di isinasama sa pagkwenta ng mga unemployed, ang Region 8, o Samar at Leyte matapos masalanta ng bagyong Yolanda ng ilang taon na samantalang kabilang sila sa kinokonokonsidera sa pwersa ng pagggawa. Sa ganitong paraan, napapababa ang bilang ng walang trabaho sa bansa. Bukod dito, matingkad sa datos ngayon ang mas mataas na bilang ng kala- lakihan kesa kababaihan

na walang trabaho, pumapangalawa ang mga kabataan. Isa sa maaaring paliwanag dito ay ang pagdami ng kababaihang kabilang sa employed pero tinuturing na unpaid family labor.

Walang bagong trabahong nalikha at marami ring manggagawa ang nawalan ng trabaho. Ibang usapin pa ang mga pansamantalang trabaho. Ayon sa sarbey ng SWS na inilabas nitong Mayo, 8.6 porsyento o katumbas ng 3.9 million adults ang nawalan ng trabaho ng 'di ginusto.

Aabot naman sa 16.1% o mahigit sa 11 milyong manggagawa ang kulang o naghahanap ng dagdag na trabaho. Ilang libo ring manggagawa sa pampublikong sektor, tulad ng Bureau of Immigration, at sektor ng kalusugan ang nangangambang mawalan ng trabaho dulot ng isinasagawang pag-aayos para mas maging

episyente raw ng burukrasya.


**Tumitinding Atake sa Karapatan sa loob Trabaho (rights at work)**

Sa loob ng nakaraang taon, hindi rin naramdaman ang pangakong pagbabago sa disenyo at bilang ng mga sinasabing may trabaho, maliban sa estadistika inilalabas ng PSA. Tinatayang 94.1% ng 42.73 milyong pwersa ng paggawa o katumbas ng mahigit na 40

milyong Pilipino ang may trabaho sa Pilipinas nitong Abril 2017. Mas mataas ng isang porsyento kumpara noong Enero ng taong ito. Sa numerong ito, halos 7 milyon ang kulang sa trabaho.

Malaking bahagdan (62.1%) ng may trabaho ay ang wage and salary workers, sinusundan ng self-employed (27.2%) at iba ay mga nasa sektor impormal ayon sa o- pisyal na datos. **(Tsart4: Employed Workers by Class of Workers)**

Kung ang pagbabatayan ay ang ulat ng World Bank (WB,2016)[1] na isa sa prinsipal na nag-disenyo ng balangkas at pagkabangkarote ng ekonomiya ng bansa, 75% ng may trabaho ay informally em-ployed. Sila ay maaring sahuran pero nasa tipo sila trabahong mahirap makahanap ng pag-kakataong maia -ngat ang kalidad ng hanapbuhay at makatanggap ng nakabubuhay na sahod. Ayon sa kanilang ulat, 15% lang ng may trabaho ang may pormal na empleyo, 33% ang nasa sektor impormal, 35% ang self employed at 18% ang saklaw ng unpaid family work. Ito ang dahilan kung bakit nanatiling mataas ang bilang ng mahihi-rap sa manggagawang may trabaho (in work poverty).





**Tsart 4: Employed by Class of Workers**

Ang katotohanan ng ganitong pagsusuri ay masasalamin rin sa mga sektor ng ekonomiya kung saan matatagpuan ang may tra-baho. Nakararami (57.1%) sa mga may trabaho ay nasa sa sektor ng serbisyo. Pinakamalaking bilang ay mga manggagawa ay nasa nagtatrabaho sa negosyong nagbebenta o nagtitingi, kundi man

| SINO ANG MGA WALANG TRABAHO SA PILIPINAS | |
|---|---|
| 69.6 % | KALALAKIHAN |
| 44.1 % | NASA EDAD NA 15-24 TAON |
| 29.6 % | EDAD NA 25-34 TAONG GULANG |
| 16.9 % | NAKATAPOS NG KOLEHIYO |
| 31.1 % | TAPOS NG HIGHSCHOOL |

**PSA, APRIL 4, 2017** **Table 1: Sino ang mga walang trabaho sa Pilipinas**

nagkukumpuni ng mga sasakyang de motor at mga motorsiklo at yong mga tinatawag na unpaid family work. Walumpo't apat (84%) ng mga 'di binabayarang mga manggagawa ay mga kababaihan na ang trabaho ay sa loob ng bahay at pag-aalaga sa mga bata, matatanda o maysakit (carework). Hindi lang mabuway ang ganitong tipo ng hanapbuhay, pero napakabulberable nito pagbaba at pagkawala kapag tumitindi ang krisis lalo na't tumatas ang presyo ng gasolina.



Tsart 5: Employed Person by Sectors

Sinusundan ito ng sektor ng agrikultura (25.5%) at pangatlo ay ang industriya (17.1%), samantalang ang iba ay mga self-employed, ganoong agrikultural pa rin ang ekonomiya ng Pilipinas.

Syempre, hindi naman maaaring direktang iugnay sa programa ng administrasyon Duterte ang ganitong katangian ng empleyo sa bansa. Produkto ito ng ilang dekadang pagpapatupad ng neoliberalismo sa bansa ng mga nakaraang administrasyon na higit na nagpalaki sa agwat sa di pagkakapantay-pantay ng mahihirap at mayayaman. Katunayan, alam ni PDuterte ito, kaya nga ang pangako niya ay iahon ang mga manggagawa sa kinasadlakan niyang kahirapan, pang-aapi at pagsasamantala lalo na ng mga oligarkiya. Kaya lang kabaligtaran ng pangako niya ang pagyakap at pagpapatindi pa sa mga neoliberal na polisiya at programa na alam niyang naglikha sa ganitong sistema sa paggawa. Urong-sulong din siya sa kanyang pahayag hinggil sa kontraktwalisasyon na sa pinakahuli, ay binanggit niyang hindi ito talagang tuluyang mapapawi.

Kaya naman, ng magsimula siyang maupo, mas naging matindi ang paglabag sa karapatan ng manggagawa sa seguridad sa trabaho, at wala ring pag-aalinlangan ang mga kapitalista sa paglabag kahit sa pinaka minimum na pamanta yan sa paggawa o labour standards.

Sa tala ng CTUHR, tumaas sa pang kabuuan ang paglabag sa karapatang pangmanggagawa sa loob at labas ng trabaho. Sa mga lugar na i- nabot ng CTUHR monito- ring, 154 na kaso ang naidokumentong paglabag sa karapatan habang nagtatrabaho (rights at work) ng mga manggagawa. Mas malaki pa ang bilang ng kaso ng paglabag sa karapatan ng manggagawa kung isasama pa ang araw-araw na sinasampang mga labor cases sa DOLE, NCMB at NLRC.

**Prekaryosong trabaho, mapanlinlang na legalisasyon ng kontraktwal na paggawa**

Pinakamatingkad na paglabag ay ang paglapastangan ng mga manggagawa sa karapatan sa seguridad sa trabaho sa iba't ibang porma, anyo at antas ng kontraktwalisasyon. Matatandaang ang pagwawakas sa lahat ng porma ng kontraktwali-sasyon ang pina-malaki kungdi man pinaka-ubod ng suporta ng mga manggagawa kay Pangulong Duterte noong halalan. Ito rin ang inaasahang magpabago sa matagal ng kalakaran ng kapitalista sa lahat ng sektor ng paggawa. Pero ipinasa ni PDuterte ang responsibilidad sa DOLE, at ang huli naman ay itinuturo ang Kongreso kung bakit hindi pwedeng mapawi ang kontraktwalisasyon.

Sa ilang pagawaang na-monitor ng CTUHR, ilang mga taon ng tumatagal ang pagiging kontraktwal kaya nga, naging mapait nilang biro ang salitang `regular' na kontraktwal, o di kaya ay regular sa agency, sa halip na sa prinsipal. Hindi lamang ito ta-lamak sa SM chain ng shopping malls, kundi higit sa lahat ay sa mga special economic zones (SEZs). Sa industriya ng electronics at semiconductors halimbawa, lumalabas na 70-75% ng mahigit sa 300,000 direktang manggagawa ay kontraktwal sa ilalim ng agency o direct-hiring man. Kasama rin sa iskemang pleksibil-isasyon ang paggamit ng mga tinatawag na OJT, pero hindi talaga estudyante, tulad sa Mitsumi Cebu Inc. sa Danao, Cebu-pinakamalaking electronics and semi-conductor na kumpanya sa bansa. Tinatayang may humigit kumulang na 30,000 manggaga-wa sa pabrikang ito, kalakhan dito ay kababaihan. Halos ganito rin ang kalagayan sa iba pang kumpanya sa semi-conductor sa halos lahat ng engklabo tulad ng Nippon Denso Corp o NIDEC Philippines, Laguna at Subic- gumagawa ng spindle motor para

sa Toshiba laptop compute rs.[CTUHR Research,2016][2] Sa NXP Semiconductor, humigit –kumulang sa 1,000 ang kontrak twal ng ilang taon na sa kumpanya.


Talamak ang paggamit ng mga TNCs sa mga manpower agencies anumang industriya sila nagnenegosyo. Sa Pepsi Cola Muntinlupa halimbawa, mayroon 1,168 contractual workers sa ilalim ng 8 manpower agencies. Ganoon din sa Coca-Cola, mahigit na 2,000 ang kontrakwal sa ilalim ng in-house agencies. Katunayan, ayon sa kautusan ng DOLE sila ay empleyado mismo ng Coke at ito ngayon ang ipinaglalaban ng mga manggagawa.**[CTUHR Documentation, 2017]**

Bukod dito, talamak rin ang LoCs sa Sun Logistics, Proctor and Gamble, Takata, Fuji, Nissin, Sagara Metro Plastic, Gardenia at Yazaki-Torres sa Laguna at Cavite at Robina Farm sa Rizal. Matatandaan sa Batangas, naganap ang unang welga sa panahon ng rehimeng Duterte, ang welga ng Soro-Soro Ibara Development Cooperative (SIDC) sa Soro-soro, Batangas City noong Hulyo 2016, upang ipanawagan ang pagpaparegular sa kanila ng kumpanya, pagbawi ng di-makatarung kaltas at paghulog ng SSS, PhilHealth at PAG-IBIG.

Sa Mindanao, mga dambuhalang kumpanya rin ang nagpapraktika ng LoC, tulad na lamang ng Del Monte sa Cagayan de Oro, na kung saan 4,200 na manggagawa ay nasa ilalim ng "cooperatives". Siyamnaraan at apatnaput dalawa (942) naman ng manggagawa ng Nestle - Cagayan, ang nasa ilalim ng Cofipac labor agency at Asia Pro. LoC rin ang kaso ng manggagawa sa plantasyon ng Shin Sun, na kalakhan sa kanila ay nasa ilalim ng ECQ Manpower Agency.

Hindi rin hiwalay sa ganitong kalakaran ang industriya ng pagmimina at maging sa agrikultura lalo na ang mga plantasyong pag-aari ng mga malalaking dayuhang kapitalista o transnational corporations (TNCs).

Pero ang sagot ng Department of Labor and Employment (DOLE) matapos malantad ang naunang draft (DO 168), ay ang DO 174. Sa paglabas ng nasabing order, malinaw na mas pinakinggan ng administrasyon, ang pagtututol ng lahat ng grupo ng mga ne -gosyante at kapitalista sa bansa, lokal man o dayuhan na alisin ang kontraktwalisasyon. Mas mapanlinlang ang batas na ito kaysa sa sinusundan nitong batas na DO 18-A sa ibat ibang dahilan:



CTUHR June 2017

- Iniba lamang nito ang mekanismo ng `Endo' sa pagpapataas ng rekesitong halaga para kilalanin na lehitimong ahensya at inulit lang ang pagbabawal sa labor-only contracting, na talaga namang ilegal noon pa man, pero hinahayaang umiral;
- pormal na nilegalisa nito ang malawak na kalakaran ng kontrakwalisasyon sa anyo ng pag-aalis ng pananagutan ng prinsipal na kumpanya sa kanyang manggagawa, habang pinapasa sa agency ang pananagutan, kahit pa nga wala naman silang direktang kinalaman sa aktwal na operasyon, produksyon ng kumpanya
- Nilegalisa nito ang mapait na kalakarang `nareregular ang manggagawa sa service provider (manpower agency) habang inaalisan sila ng karapatan na makatanggap ng mga benepisyo tulad ng long service benefits;
- higit nitong pinapalabo ang 'employee-employer relationship' na susing rekesito kung nag-oorganisa ng unyon, kundi mas pinapalayo nito ang relasyon ng manggagawa sa aktwal na produkto o serbisyong kanyang nalilikha, sa ganoon, mas mahirap silang mag-identify sa produkto o serbisyo at ugnayan nito sa isa't isa;
- Ginagawa nitong ang pundamental na karapatan ng manggagawa na mag-organisa ng unyon at sama-samang makipagtawaran ng malaya ay co-terminus (singtagal) ng kontrata.

- Hindi nito tinutugunan ang iba pang porma ng kontraktwalisasyon, halimbawa, paano kung ang manggagawa ay direktang na-hire ng pagawaan o empresa ng paulit-ulit, pero kontraktwal o kaswal pa rin ang katayuan; ano ang gagawain ng DO 174 sa on-call, back-up, seasonal (paulit ulit) project-based etc.

Sa batas ding ito, pinapayagan ang project-based na manggagawa at hindi sinasaklaw ang industriya ng BPO. Ang problema rito, halimbawa sa Business Process Outsourcing (BPO) ang lahat ng tinatawag nilang `account' ay makokonsiderang pro-ject-based, may depinidong termino at iba-iba ang kliyente. Ibig sabihin, nakapa- bulnerable ng manggagawang mawalan ng trabaho, sakaling umatras ang kliyente, magkansela o matapos man ang proyekto. May mahigit na isang milyong manggagawa ang industriyang ito.

Ilang buwan matapos ilabas ang DO 174 noong Marso, ipinagmamalaki ng DOLE na 70,000 manggagawa nairegular nila. Positibo naman ang balitang ito. 'Yon nga lang, lubhang napakaliit ito kung ikukumpara sa tinatayang 70-75 porsyento ng manggagawang sinasabing may trabaho na nasa pleksibleng kaayusan sa paggawa. Hindi rin naisa-isa kung saang empresa ito naganap para mabigyang pagkakataon rin ang mga manggagawa na angkinin ang balitang ito.

Sa mga pahayag ng manggagawa, kaduda-duda ang balitang ito. Sa Marc Ventures Mining Development Corp (MMDC), sa Carascal, Surigao del Sur, inilabas ang DOLE, matapos ang labor inspection nila, na 1,350 na ang dapat naregular na manggagawa, dagdag sa dating 263. Ito ngayon ang inaangkin ng manggagawa, sa halip siyam (9) ang tinanggal sa kanila, kasama ang presidente ng unyon at ipinapanawagan sa kanilang Manilakbayan at pagkakampo sa harapan ng DOLE simula noong Hulyo 12. [CTUHR interview, Manilakbayan, 2017].

Malaking tanong pa rin, kung ang mga sinasabing naregular, ay regular sa prinsipal na kumpanya at hindi sa manpower agency, o kung naipapatupad ng DOLE ang ganitong `kautusan' sa anyo ng pagkilala mismo sa resulta ng inspectiong ito.

Kaya naman, ang hamon ng manggagawa, at kilusang unyon, ibasura ang DO 174, maglabas ng panibagong Executive Order ang Pangulo na mas masaklaw at epektibong magpapahinto sa

kontrak- twalisasyon. May ilang panahon pa naman si PDuterte, at kayang kaya niyang maibigay ang kahilingang ito ng manggagawa kung gustuhin niya.

**Bigong pagpapatupad ng pambansang minimum na sahod**

Kakambal ng pangakong pag wawakas sa Endo, ay ang pag-aalis ng pagkakaiba ng sahod ng mga manggagawa sa bansa. Aniya, mahalagang magkaroon ng pambansang sahod para hindi naman maging kawawa ang mga manggagawa sa labas ng National Capital Region.

Subalit walang pagtaas sa sahod ang naganap kahit noong nakaraang Pandaigdigang Araw ng Manggagawa. Sa mga rehiyon, tanging Central Luzon ang nabigyan ng pagtaas ng halagang P16/araw sa minimum na manggagawang sahuran, halaga na ‘di man lang sapat para makabili ng kalahating kilong bigas. Hirap makaagapay ang mga manggagawa sa patuloy na tumataas na halaga ng mga bilihin.

Barat na nga ang sahod, pero wala pa ring ginagawang hakbang ang administrasyon para arestuhin ang malawak na paglabag sa pagpapatupad ng legal na minimum na sahod.

Sa pananaliksik na ginawa at patuloy na monitoring ng CTUHR sa Valenzuela city, mahigit kalahati (66.6%) ng mangagawang sahuran ang di tumatanggap ng minimum na sahod ganoong malaking por syento (642%) ang nagtatrabaho lagpas ng walo (8) oras. Sa Punturin, Valenzuela – 85% ng manggagawa ang binabayaran ng mas mababa sa minimum na sahod. E.g. P400-Php481 /12 oras na trabaho, na naging karaniwan na sa lugar. Mas mababa pa kung tutuusin kung pakyawan ang pagbabayad, na kapag mabagal-bagal ay kumikita lang ang manggagawa ng Php150/12 oras lalo na yong nakatoka sa mga `repacking’ na gawain. Hindi rin nalalayo ang kita ng pahinante sa mga paga-

**Table3: Violation of the Right to Receive Fair Wages**

| Violation of the Right to Receive Fair Wages | Insidente | Manggagawa |
|---|---|---|
| Underpayment of wages | 23 | 15,901 |
| Non/Delayed payment of wages | 3 | 481 |
| Violation of the right to receive mandatory benefits | 12 | 7,760 |

waang ito, na binabayaran ng P350/12 oras na paggawa.

Mas mababa ang pasahod sa agrikultura at pagmimina lalo na ang nasa malalayong lugar. Halimbawa, nagtatrabaho bilang watchman si Enrico Surigao, 53, sa Adnama Mining Resources Incorporated (AMRI) ng mahigit 9 na taon. Direktang empleyado siya ng AMRI pero nanatiling kontraktwal. Wala daw regular sa halos 1,000 manggagawa sa kumpanya at sumasahod lang Php268.00 sa- kabila ng pagtatrabaho ng 8 hanggang 12 oras. Ang minimum na sahod sa rehiyon ay Php280/8 oras na trabaho.

**Table 2: Nominal and Real Wage**

**Table 1. Nominal and Real Wage*, Agricultural and Non-Agricultural, by Region, Dec. 2016 (2006 = 100)**

| Region | CPI | PPP | Agriculture-Plantation | | Agriculture Non-Plantation | | Non-Agriculture | | Wage Ero-sion |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | Nomi-nal Wage | Real Wage b | Nomi-nal Wage | Real Wage | Nominal Wage | Real Wage | |
| NCR | 135.8 | 0.7364 | 454 | 334.32 | 454 | 334.32 | 491 | 361.56 | 26 |
| CAR | 144.2 | 0.6935 | 285 | 197.64 | 285 | 197.64 | 285 | 197.64 | 31 |
| I | 138.2 | 0.7236 | 252 | 182.34 | 243 | 175.83 | 280 | 202.6 | 28 |
| II | 152.6 | 0.6553 | 280 | 183.49 | 280 | 183.49 | 300 | 196.59 | 34 |
| III | 148.5 | 0.6734 | 334 | 224.92 | 318 | 214.14 | 364 | 245.12 | 33 |
| IV-A | 142.7 | 0.7008 | 353.5 | 247.72 | 333.5 | 233.71 | 378.5 | 265.24 | 30 |
| IV-B | 148.9 | 0.6716 | 235 | 157.82 | 235 | 157.82 | 285 | 191.4 | 33 |
| V | 150.1 | 0.6662 | 248 | 165.22 | 248 | 165.22 | 265 | 176.55 | 33 |
| VI | 154.6 | 0.6468 | 266.5 | 172.38 | 256.5 | 165.91 | 298.5 | 193.08 | 35 |
| VII | 149.9 | 0.6671 | 335 | 223.48 | 335 | 223.48 | 353 | 235.49 | 33 |
| VIII | 156.2 | 0.6402 | 241 | 154.29 | 235 | 150.45 | 260 | 166.45 | 36 |
| IX | 159.6 | 0.6266 | 271 | 169.8 | 251 | 157.27 | 296 | 185.46 | 37 |
| X | 156.8 | 0.6378 | 306 | 195.15 | 306 | 195.15 | 318 | 202.81 | 36 |
| XI | 155.8 | 0.6418 | 307 | 197.05 | 307 | 197.05 | 317 | 203.47 | 36 |
| XII | 156.1 | 0.6406 | 272 | 174.25 | 272 | 174.25 | 295 | 188.98 | 36 |
| XIII | 164.2 | 0.6090 | 280 | 170.52 | 280 | 170.52 | 280 | 170.52 | 39 |

**Labor trafficking sa sektor ng agrikultura**

Higit na masahol ang kalagayan ng manggagawang bukid na biktima ng labor trafficking. Halimbawa ay ang mga sakadang nirekrut mula sa iba't ibang bahagi ng Mindanao upang magtrabaho sa panahon ng "kabyaw" o "milling season" sa Hacienda Luisita.

Naengganyo silang sumama sa recruiter nilang Greenhand at ng kanilang mga principal na emplo yer. Ng pangakuan sila ng mataas na sahod (P450/araw) at mga benepisyo (SSS, Philhealth, Pag-ibig, libreng pagkain at pabahay at signing bonus na P5,000). Subalit iba ang kanilang dinatnang kondisyon sa Hacienda. Sinasahuran sila ng P5.47 - P128.31 kada araw dahil sa dami ng kinakaltas sa kanila na hindi malinaw sa kanila.

Pinatira sila sa masikip at maruming "bunkhouse" sa Brgy. Mapalacsiao. Ikinakandado sa gabi ang bunkhouse at binabantayan sila ng mga armadong kalalakihan. Ang iba ay hindi na nakakauwi sa kanilang bunkhouse at pinagagawa na lang ng "makeshift" na mga tulugan sa gitna ng mga tubuhan.

Nang Disyembre 2016, na-rescue sila ng Unyon ng Manggagawa sa Agrikultura (UMA) at tinulungang makabalik sa kani-kanilang probinsya. Nagsampa rin sila ng kaso laban sa recruiter at maging sa Hacienda Luisita.

**Patuloy na panunupil sa karapatang mag-organisa ng unyon ng malaya**

Patuloy na inaatake at pinapahina rin ng pleksibilisasyon ang karapatan ng manggagawang mag-unyon. Sinasalamin ito ng pababang bilang ng organisadong manggagawa sa unyon, lalo ang mas maliit na bilang ng nasasaklaw ng collective bargaining agreement (CBA). Nahahati pa ito sa ibat-ibang pampulitikang oryentasyon.

Ang aktwal na pagkatanggal ng mga mangagawang nagsisikap na mag-organisa ang pumipigil sa mangagawang magreklamo. Halimbawa na lamang, mahigit na 300 manggagawa ng Clarence T. Pimentel Mining and Construction, sa Surigao del Sur, na kasapi ng unyon ang tinanggal nitong taong ito ng kumpanya. Dahilan


nito, isasara raw ni Sec. Gina Lopez ang minahan kaya nagtanggal ng manggagawa. Tinanggal din sa trabaho ang opisyales ng MMDC sa Surigao, isa rito ay presidente ng unyon.

Mariin ang pagbabawal ng mga manpower agencies sa pagbabawal sa manggagawa na mag-organisa o makipag-ugnayan sa mga nag-uunyon. Sa mga engklabo, hindi ito sikreto, at mismong ang mga dayuhang manedyer o supervisor ang direktang nagsasabi na di nila pinapayagan ang pag-uunyon.

Sa aspeto, ni isang hakbang, wala ring ginagawang aksyon ang DOLE para kastiguhin ang mga kumpanyang lumalabag sa karapatang ito. Sa halip, nanahimik ito kundi man kumakatig sa mga posisyon ng kapitalista.


**Tumaas ang bilang ng mga namatay at ibat ibang aksidente sa pagawaan at lugar hanapbuhay**

Tila wala rin pagbabago sa patakaran sa hinggil sa kalusugan at kaligtasan sa paggawa. Bagkus mas lalo pang nalalantad ang mga manggagawa sa paglabag sa mga pantayan. Lantad rin ang banggaan mismo ng iba't ibang ahensya ng gobyerno bunga ng mga naganap na aksidente at kaugnay ng pagtukoy kung sino ang may pangunahing pananagutan.




**Tsart6: Union Members and Covered by CBA 1980-2016**

Sa inisyal na datos ng CTUHR, sa 8 kaso naitala, ng 35 manggagawa ang nasawi. Noong Septyembre 3, 2016, tatlo ang namatay at 43 ang sugatan sa Hanjin Shipyard, sa Subic, Zambales. Nasundan pa ito ng isa pang aksidente na ikinasawi ng isang




manggagawa noong Disyembre 2016.

Sa bilang na ito, hindi pa kasama ang mahigit 700 manggagawang unaccounted sa naganap na su-nog sa House Technology Industries sa Cavite Export Processing Zones, sa Rosario, Cavite. Bago ito, 10 manggagawa ang namatay sa pagsabog ng tangke ng gas sa Pasig.

Noong June 2, naganap ang pamamaril ng isang lalake sa Re-sort World Manila (RWM) sa Pasay City, 40 empleyado at panauhin ng hotel ang namatay , hindi sa pamamaril, kundi sa sunog. Sa im bestigasyon, nalantad ang kawa-lan ng maayos na fire safety exits at signages sa nasabing hotel at ang ulat na hindi gumana ang fire sprinkler. Labingtatlo (13) sa 40 namatay ay mga empleyado ng RWM.

Ang dalawang sunog na ito ang nagpaalala sa malaking sunog na naganap sa Kentex Mfg, sa Va-lenzuela, kung saan ang mga bik-tima, kasama ang 72 nasawi, ay hindi pa rin nabibigyan ng husti-sya.

Tatlo (3) sa nabanggit na kaso at iba pang kaso ng pagkamatay sa loob ng empresa, ay nasa kontrol ng Philippine Economic Zone Authority o PEZA, na nasa ilalim ng Department of Trade and Industry (DTI). Tila may sariling republika o hiwalay na kahar-ian ang mga engklabo dahil hindi maaaring mag-inspeksyon ang ibang ahensya ng gobyerno tulad ng DOLE, BFP, at iba pa, kung walang permiso mula sa PEZA. Sa karanasan ng sunog sa HTI,

hindi agad pinapasok ang DOLE at BFP, kabilang mismo si Usec. Joel Maglunsod. Malinaw ang kawalan ng transparency ng mga pabrika sa loob ng engklabo ay dulot na rin mismo ng proteksyon ng PEZA sa mga kapitalista. Kaya umiingay na ang panawagan sa pagreview o sa tuluyang pagbuwag sa PEZA.

Ika nga, isang positibong hakbang na ang pagpasa sa Kongreso ng panukalang batas (HB 164) hinggil sa Occupational Safety and Health. Meron na rin itong counterpart sa Senado, at sinasabing prayoridad ito ng administrasyon kaya naman, inaasahang mai-papasa ito sa pagbubukas ng Kongreso sa darating na Hulyo 24.

Sa HB 164, mabibigyan ng kaukulang parusa ang mga may-ari ng kumpanyang may naganap na paglabag sa anyo ng pagba-bayad ng danyos at/o pagkakakulong sa bawat manggagawang nasasawi dahil sa kapabayaan ng kapitalista.

Bukod sa kapabayaan ng kapitalista sa kaligtasan sa paggawa, isang malaking hamon rin sa administrasyon ang pagtugon sa lumala- lang sapilitang pagpapatrabaho sa manggagawa ng lag-pas sa walo (8) oras. Ayon mismo sa pananaliksik na ginawa ng PSA, ang sobrang pagpapatrabaho ay nakamamatay. Hindi lang ito, ayon kay Sen. Grace Poe, posibleng ito rin ang dahilan ng maraming aksidente sa paggawa at pagbaba mismo ng kalidad ng pamumuhay ng manggagawa. Inaalis ng trabaho ang oras para magpahinga o makasama ng mangagawa ang kanilang pamilya.

**Laganap pa rin ang diskriminasyon sa kababaihang mang-gagawa**

Nananatiling mababa pa rin ang partisipasyon ng kababaihan sa paggawa o ang kanilang labor. Ayon sa 2016 Gender Labor Sta-tistics ng BLES, ang labor participation ng mga kababaihan ay 50.1% kum- para sa 77.3% ng mga kalalakihan. Ayon sa nilabas na datos ng Phi- lippine Statistics Authority nitong Marso 2017, 1 lamang sa bawat 5 kalalakihan ang hindi bahagi ng pwersa sa paggawa sa bansa, kumpara sa 2.5 na kababaihan.[PSA]

Maliban sa mas mababang partisipasyon ng kababaihan sa lakas paggawa, ang mga may trabaho naman ay konsentrado sa mga trabahong itinuturing na `unpaid labor' o kawalang kaakibat na

kita o kabayaran. Katunayan, tinatayang 4.2 milyon o 4 sa 7 (58%) unpaid fa-mily workers ay babae. Unpaid fa -mily workers ay tumutukoy sa miyembro ng pamilya na nagtatraho ng walang bayad sa farm o negosyong pag-aari ng pamilya. [PSA Mar2017]

Sa mga kababaihang kabilang sa unpaid family workers, 2/3 o 66.8% dito ay maituturing na unskilled workers. Karamihan (28.6%) ay matatagpuan sa mga maliliit na tindahan o palengke kumpara sa 19.4 % sa mga kalalakihan. Sa ganitong klase ng trabaho, wala silang pagkakataon na umangat ang kasanayan para makahanap ng ibang trabaho at makapagpaunlad sa sarili. Pero kwestiyonable pa rin na ituring ang gawain ng kababaihan sa loob ng bahay o pag-aalaga sa anak, maysakit o matatanda ay tawaging unskilled, sapagkat hindi lamang ito pisikal na gawain, kundi emosyonal o mental na kapasidad. Ang ganitong pagtuturing ay sa katunayan, ay diskriminasyon sa kababaihan.

Sa industriya at mga empresa, o wala pa ring ipinagbago ang ka -lagayan ng mga kababaihan. Mas bulnerable sila iba't ibang porma ng diskriminasyon tulad ng mas mababang pasahod, mapanganib, 'di ligtas, prekaryoso at pleksibleng paggawa. Sa pag-aaral ng CTUHR sa Valenzuela ng 2016 halimbawa, tulad ng naunang nabanggit, lumitaw ang makabagong pang-aalipin sa mga manggagawa mayorya ay dumadaan sa agencies para matanggap sa trabaho. Karaniwang trabaho inaatang sa mga kababaihan ay nasa ilalim ng iskemang "pak -yawan" tulad ng repacker, butcher at iba pa. Nagtatrabaho sila ng 12 oras at kumikita lamang ng P250-P400 kada araw subalit sa mga bagong manggagawa na hindi pa sanay sa proseso, tanging P150 ang naiuuwi nya kada linggo. Kadalasan, wala rin silang day-off at walang natatanggap na mga benepisyo.

Sa W.L Foods halimbawa, may mga manggagawa na 26 taon ng nagtatrabaho at kumikita lamang ng Php 471 kada araw para sa 12 oras na paggawa. Umiiral pa rin ang pagkakaiba ng sahod ng babae at lalaki. Sa Valenzuela rin, sa isang pagawaan, mas mababa ang sahod ng babae, dahil sa pagiging babae.

Habang walang makabuluhang pagbabago sa kabuhayan, mas nagiging bunerable ang mga kababaihan sa panlilinlang, illegal recruitment, trafficking, sexual harassment at prostitusyon.

Mapaghanggang ngayon ay laganap pa rin ang sekswal na pangaabuso sa mga manggagawa, anuman ang sekswal na

orientasyon nito. Siyam (9) sa bawat sampung (10) kaso ng pangaabusong sekswal ay hindi dokumentado at kalakhan sa mga biktima ay mula sa sektor ng mga kababaihan. Ayon sa dating manggagawa ng BPO, maraming babaeng empleyado (lalo na ang mga newly-hired) ang nakakaranas ng panghihipo sa maseselang parte ng katawan, diskriminasyon sa kasuotan at pang-iinsulto batay sa sekswalidad sa kanilang trabaho.

May mga iilang reklamo na naipapasa at naisusumite ngunit tila nagiging mabagal ang pagproseso. Kadalasan, kung ang reklamo ay galing sa isang kontraktwal na empleyado nagiging pabor ang mga kapitalistang kumpanya sa mga regular na empleyado dahil umano sila ang mas may kakayahan at matagal na sa industriya.

Bagama't may batas na nagku -kundena sa pangaabusong sekswal tulad ng Republic Act 7877 o ang Anti-Sexual Harassment Act of 1995, bulnerable pa rin ang mga kababaihan sa pang aabuso habang tumitindi ang kontraktwalisasyon at kawalan ng trabaho at pagsikil sa karapatang mag-organisa ng malaya. Kadalasa'y mas pinipili na lang nilang tumahimik sa takot na mawalan ng trabaho, gaano man katindi ang kanilang nararanasan.

Ang mababang labor participation rate ng kababaihan ay sinasalamin rin ng mababang partisipasyon nila sa unyon. Sa pag-aaral ng PSA mula 1995-2014 na inilabas nitong Hunyo 2017, mas mataas ang union density rate ng kalalakihan na kesa kababaihan, bagamat pababa rin ang padron ng kanilang presensya sa unyon. Halimbawa, 32.5% ang union density rate ng kalalakihan noong 1995, bumaba ito sa 8.2% noong 2014. Ang union density rate naman ng kababaihan ay 27.0 % noong 1995 at 6.8 % lamang ng 2014.

Sa usapin naman ng benepisyo, ipinangako ni Pangulong Duterte ang pagbibigay ng mas mahabang maternity leave, pero hanggang ngayon hindi pa rin ito naiisabatas o idinedeklara man lang na "priority" ng administrasyon. Nananatili pa ring 60-72 na araw lamang ang maternity leave sa bansa, malayo sa nakatakdang 98 na araw ng International Labour Organization (ILO) na kailangan sa minimum para maalagaan ng ina ang bagong silang na sanggol at magpalakas rin ng katawan.

Tinanggap ng mga Pilipinong migrante ang mga pangako sa kanila ng pangulo na paghuhusayan ang pamumuhay ng bawat OFW sa pagkakaroon ng industriya na lilikha ng lokal na trabaho,

clemency sa mga nakabilanggong OFW, ayuda sa mga pinauwing OFW, programa ng livelihood, tulong pinansyal at pagtatayo ng "Department of OFW na didinig sa mga iba't ibang anyo reklamo at problema kakaharapin ng OFW.

Bagamat, makikitaan ang Pagulong Duterte ng pagmamalasakit sa OFW ng utusan niya si DOLE Secretary Silvestre Bello III at ilang kinatawan ng DSWD sa Saudi Arabia para sa mahigit 10,000 stranded na mangagawa. Subalit 3,000 lang sa kanila ang naiulat na napauwi, habang sinasabi nila na ang iba ay lumipat ng trabaho, kundi man resolbado na ang problema sa mga stranded.

Ayon sa datos ng Migrante International noong 2014, dumami ang mga kababaihang OFW na naging biktima ng iba't ibang porma ng pagsasamantala. Sa 174 na kaso ng repatriation na hinawakan nila, 138 o halos 80% nito ay kababaihan. Sa kasalukuyan, mahigit 100 OFW ang nasa death row. Samantala, 9,000 naman ang nakakulong sa iba't ibang bansa. Mas mataas ito sa datos ng Department of Foreign Affairs ( DFA), 81 OFW ang nasa death row, 31 ang under death penalty sa bansang Saudi Arabia pa lang. Ang tanong, anong ginagawa ng pamahalaan kaugnay nito?

Ngayong 2017, balitang binitay ang OFW sa Kuwait, na si Jakarta Pawa. Siya ay nagtrabaho bilang isang kasambahay mula pa noong 2002. Nakulong siya mula pa noong 2007 sa kasong pagpatay sa anak ng kanyang amo. Mariin niya itong itinanggi ang akusasyon at walang sapat na ebidenysang nagdadawit sa kanya sa krimen ngunit nahatulan pa rin siya ng kamatayan.

Madalas na nahaharap sa banta ng massive retrenchment ang mga OFWs lalo na sa Middle East dahil sa panapanahong pagbagsak sa presyo ng langis at ng hidwaan sa pag-itan ng mga bansa o pagkakasangkot sa mga digmaan.

Pero tila wala pa ring nagbabago sa bilang ng umaalis ng bansa. Sa pagtatapos ng administrasyong Aquino naitala na may 6,500 migranteng Pilipino ang umaalis kada araw para magtrabaho. Ganito pa rin ang nagaganap sa kasalukuyan. Sa kabuuan, tinataya namang 51.1% o 11.7M ng kabuuang bilang ng mga OFW ay kababaihan.

**Krisis sa Pabahay at tagumpay ng samasamang pagkilos ng mga maralita**

Isa sa mga unang atas ni Pangulong Duterte para sa mga maralita ay ang “no relocation, no demolition policy.” Nangako rin siya ng libreng pabahay para sa mga biktima ng kalamidad at sa mga mara-lita. Subalit ang mga polisiya at

programa ng kanyang administrasyon ay taliwas sa mga panga-kong ito.

Nakaambang pa rin ang demolisyon sa daan-daang mga komu-nidad na sakop ng “Ambisyon Natin 2040” o ang Philippine De-velopment Plan 2017-2022. Malaking bahagi ng PDP ni Duterte ay nakatutok sa paghikayat sa mas maraming mga negosyo at proyektong imprastraktura gaya ng mga malls at condominiums na siyang panguna- hing nagtutulak ng mga demolisyon sa mga komunidad ng maralita.

Maging ang pagpapaunlad sa tren ay may kaakibat na interes ng mga kapitalista. Sa ngalan ng gawing mas komportable ang byahe ng mga komyuter sa anyo ng pagkakaroon ng “common station” ng LRT1, MRT3 at LRT2, sinamantala ito ng malalaking negosyanteng Ayala at Sy pabor sa SM at Trinoma para palayasin at alisin ang kalapit na maralitang komunidad.

Kaya naman, noong Marso 8, mahigit 5,000 miyembro ng Kali-punan ng Damayang Mahihirap (Kadama ’ pero nilantad nito at kinilala mismo ng mga mambabatas ang malalang krisis sa paba-hay sa bansa. Kinondena ang pinakamapangahas at militanteng pagkilos ng maralita ng mga mayayaman at kapitalista, ilang be-ses rin itong pinagbantaan na bobombahin at iba’t ibang presyur at pandarahas ang hinarap ng mga maralita. Pero umani ito ng paghanga at nagsilbing inspirasyon sa marami sa loob at labas ng bansa. Kaya naman, matapos ang halos isang buwang pagkilos, noong Abril 4, nagdeklara si PDuterte na ibigay na ang mga hous-ing units na ito sa mga kasapi ng KADAMAY habang pinangakuan ang mga pulis at militar ng mas maayos na pabahay bago mata-pos ang 2017.

Nakakatuwa kundi man kakatwa ang desisyon ni PDuterte, sapag-kat sa ulat ng Philippine Commission on Urban Poor (PCUP), and desisyong ito, na tulak ng sama-samang pagkilos ang tinuturing na tagumpay o accomplishment ng administrasyon.


## Mas lumaki ang bilang ng bilyonaryong Pilipino at lumalala ang kahirapan ng karamihan

Litaw na mas lumaki pa ang pakinabang ng iilang malalaking kapitalista at ng mga tinatawag niyang oligarkiya sa neoliberal na programa ng administrasyong Duterte na sinusuhayan ng gera kontra droga, kontra-insurhensya at kontraterorismo. Nitong taong 2017, mas dumami ang bilang ng mga Pilipinong nakahanay sa mga bilyonaryo. Lomobo sa 18 por- syento mula sa 14 ang yaman ng 40 ma- -yayamang Pilipino sa bansa. Sa nailathalang ulat ng Rappler, mula sa 11 bilyonaryo noong 2016, umakyat rin sa 14 ang bilyonar -yong kasama sa listahan ng Forbes Magazine. Nangunguna na rito ay si Henry Sy pa rin ng SM na may kabuuang yaman na US$ 12.7 bilyon, sumunod si Jonh Gokongwei (US$5.8 bilyon).**(Tingnan sa Tsart7 ang kabuuang listahan)**

Nitong mga nakaraang buwan, na- ging sunod-sunod rin ang pagtaas ng presyo ng gasolina, na nagpapataas rin sa presyo ng bilihing pinapasan ng maraming mamamayan. Tumaas rin ang singil sa kuryente, tubig at iba pang serbisyo at pagkain. Hirap na hirap ng pagkasyahin ng mga manggagawang sahuran ang kanilang kinikita, lalo na ang mga hindi makanap ng regular na pagkakakitaan at mga walang trabaho.

Kaya lugmok pa rin sa kahirapan ang mamamayan, dalawa (2) sa tatlong (3) Pilipino pa rin ang nabubuhay sa halagang Php125 or mababa pa kada araw. May 673,000 pa -milya ang nakakaranas ng sobrang kagutuman sa pagtatapos ng 2016, kalakhan nito ay mga kababaihan. Sa kabuuan, may 2.7 milyong Pilipino

**Tsart7: Accumulated Wealth in Billion Dollars**



ang nakakaranas ng kagutuman sa bansa nitong unang kwarto ng 2017, ayon sa SWS. Pinakamataas na tantos ng kagutuman sa Mindanao, na pinalubha pa ng dekla- rasyon ng Martial Law at paglikas ng libu-libong pamilya mula sa gera.

Sa opisyal na datos, 21.9milyon Pinoy pa rin ang nabubuhay sa napakababa ng po- verty threshold na Php60 kada araw.

Higit na magpapahirap pa sa mamamayan ang panukalang Comprehensive Tax Reform Package. Sa biglang tingin, tila pabor ito sa mga tumatanggap ng sahod, dahil sa parang magiging malaki ang maiuuwi niyang sweldo. Subalit, kapag inisa-isa, mas malaki ang babawiin sa mga manggagawa sa anyo ng mas mataas na buwis sa mga konsumo o consumption tax, tulad sa pagkain at iba pa. Aalisin rin ang VAT sa upa sa bahay, habang itataas ang buwis sa langis at produktong petrolyo. May bago ring buwis na sisingilin tulad sa softdrinks at kung anu-ano pa. Kaya sumatotal, mas magpapahirap sa dati ng hirap na mamamayan ang panukala, kesa ito ay makatulong.

Nakaamba rin ang pagsasakatuparan ng nasimulan ng administrasyong Aquino na jeepney phase-out, na magtatanggal sa kabuhayan sa halos 300,000 libong tsuper, opereytor at kanilang pa-milya. Hindi polusyon ang pangunahing dahilan ng phaseout, kundi ang sinasabi ng mga tsuper sa pangunguna ng PISTON na korporatisasyon ng jeep, ibig sabihin, bibili na ang mga opereytor ng jeep sa kumpanyang nagmamanupaktura ng E-jeep sa mas mataas na halaga (P900,000-P1million) at mas magiging sentralisado na rin ang pagmintina atbp.

Sa programa para sa mga mahihirap lalo na ang mga nasasalanta ng kalamidad o anumang biglaang pangangailangan, malaki rin naman ang naitutulong ng CCT at iba pang ayuda mula sa DSWD. Ang maayos na pamamahala ng ayudang ito ay kahit paano ay nagtitiyak na natatanggap ng mga benepisyaryo ang tulong. Kaya lang, sa medium o long-term na tunguhin, ang programag ito ay hindi epektibong magbabawas ng kahirapan, kundi pansamantala lang nag-aampat ng gutom sa isang napaikling panahon. Hungkag din ang panukalang `cash assistance sa mga job order na kawani o mga kontraktwal na em -pleyado ng gobyerno na nawawalan ng trabaho. Eto ay mga band-aid na solusyon, sapagkat ang regular at disenteng trabaho lang ang maaring magtiyak na ang programa kontra kahirapan ay magpapatuloy at mararamdaman ng mamamayan.

**Walang Humpay na direkta at lantad na atake sa karapatang ng Manggagawa**

Mula nang maupo si Pangulong Duterte sa pwesto (July 1, 2016-June 30, 2017) naitala ng CTUHR ang mga paglabag sa karapatan ng 193 na kaso ang naitalang paglabag sa karapatang pantao sa manggagawa. Maaaring mas malaki pa ito sa tunay na buhay ang bilang ng kaso ng paglabag sa karapatan ng manggagawa kung isasama pa ang araw-araw na sinasampang mga labor case sa DOLE, NCMB at NLRC. Gayundin ang pagpili ng mga manggagawa na manahimik lamang dahil na rin sa takot na tanggalin sa trabaho. **(Tignan sa Figure 1: Civil and Political Rights Violation)**

Gayunpaman, nakakapangilabot na wala pang unang taon sa pagkapangulo si Rodrigo Duterte, naitala na ang 14 na biktima ng pamamaslang sa hanay ng manggagawa at manggagawang bukid. Mas mataas ito kumpara sa unang taon ni Pangulong Aquino na anim (6) na biktima.

Maiuugnay ang pagtindi ng pamamaslang  sa bagong kontra-insurhensyang programang Oplan Kapayapaan at ng all-out-war si Pangulong Duterte sa laban sa CPP-NPA noong Pebrero 2017, na hindi na pinag-iiba kung sino ang armado at sibilyan. Ang mga militarista sa kanyang gabinete tulad ay may madugong rekord sa karapatang pantao. Halibawa si GenDelfin Lorenzana bilang Defense Chief, National Security Adviser Hermogenes Esperon at kasalukuyang AFP Chief of Staff na si Eduardo Ano. Si Lorenzana ay kilalang masugid na tagapagtanggol ng pagpapanatili ng presensyang military ng US sa Pilipinas dahil isa s’ya sa lumikha ng “Terms of References” ng Balikatan Exercises sa pagitan ng Pilipanas at Amerika. Samantalang si Esperon, dating AFP Chief of Staff at si Heneral Ano ay kilalang personahe noong kasagsagan ng pampulitikang pamamaslang noong panahon ni dating Pangulong Gloria Arroyo dahil sa Oplan Bantay Laya 1 at 2.

**Paniktik at harassment sa mga lider-mangagawa at Paggamit sa kakampaya “War on Drugs” laban sa mga unyonista at maralita**

Ginagamit din ang kampanyang Kontra Droga para siraan ang mga progresibo at pahinain ang laban ng mamamayan sa kanilang isyu. Tulad na lamang ng kaso ng mga unyo -nista ng Sumitomo Fruits

## Civil and Political Rights Violations
**(JULY 1,2016-JUNE 30,2017-07-16)**

| CASE TITLE | NO. OF CASE | NO. OF VICTIMS |
|---|---|---|
| Extra-Judicial Killings | 11 | 14 |
| Frustrated or Attempted Killings | 4 | 13 |
| Massacre | 1 | 3 |
| Physical Assault/ Injuries | 5 | 15 |
| Threat, Harassment and Intimidation | 7 | 500 |
| BREAKING-UP/VIOLENT DISPERSAL OF WORKERS PICKETLINE | 1 | 250 |
| RED TAGGING/ RED BAITING | 4 | 451 |
| Arbitrary Arrest/ Detention | 7 | 86 |
| Rape | 1 | 1 |
| Fabrication of Criminal Charges due to Pol. Belief and Labor Dispute | 7 | 86 |
| Illegal searches and seizure | 2 | 18 |
| Assault in the picketline | 6 | 602 |
| food blockade | 1 | 250 |

**Figure 1: Civil and Political Rights Violation**

(SUMIFRU) sa Compostela Valley, na kung saan ginagamit ng 66th Infantry Battalion ang Oplan Tokhang upang maghikayat na ang mga manggagawa sa plantasyon na huwag sumali sa pag-uun-yon, partikular ang mga nasa ilalim ng Kilusang Mayo Uno (KMU). Parehong taktika rin ang ginamit para manman at i-harass ang nag-poprotesta manggagaawa noon ng Shin Sun Tropical Fruits.

Nauna rito, 7 ang inaresto noong Oktubre 6, 2016 sa Purok 6, Sitio Karahume, Barangay San Isidro, San Jose Del Monte, Bu-

lacan. Ang mga inaresto ay sina Alfredo Ravelo, Rowel Reola, Randy Sta. Maria, Lito Natural, Segundina Gaitero, Romy Gaitero, Mel Grace Gaitero, Valentin Salceso. Sila ay sinampahan ng kaso ng Sections 5, 11 and 12 of Article 2 of RA 9165 o paglabag sa Dangerous Drugs Act. Ngunit ayon sa KMP, sila ay miyembro ng Karahume Farmers Association, na kasapi ng Kilusang Magbubukid sa Pilipinas (KMP) at ang kanilang lupang tinitirhan at sinasaka ay planong kamkamin ng Bangko Sentral ng Pilipinas. Sinasabing ginamit ang kampanyang kontra droga upang mapahina ang laban ng mga maralita.

Samantalang noong kasagsagan ng pasko, si Antonio "Tony" Abegornia, lider-manggagawa at Secretary-General ng Alliance of Nationalist Genuine Labor Organization (ANGLO)-KMU ay pinuntahan sa kanyang bahay ng nagpakilalang military intelligence na sina Major Miguel, Sgt. Jonathan at isang Diego para kumuha pa ng iba pang impormasyon hinggil sa aktibidad ng kanyang organisasyon at ng KMU. Ilang araw din nagmanman ang mga nagpakilalang intelligence agent, ayon mismo sa mga nakakitang mga kapitbahay ni Tony.

**Marahas na pagbuwag at pang-aaresto sa mga welga at ng mga unyon at manggagawa**

Marahas na binuwag ng composite ng kapulisan, miyembro ng 66$^{th}$ IB-PA at goons ang welga ng manggagawa sa Shin Sun sa Compostela Valley sa kasagsagan ng Martial Law. Binisita sa bahay bahay ang mga opisyales at kasapi ng unyon, at binantaan na itigil na ang protesta, bago mangyari ang tulad sa mga pinaslang nilang kakilala at kaibigan.

Liban sa mga marahas na pagbuwag ng welga sa Shin Sun, may mga kaso na ng pang-aaresto at pagbuwag ng welga. Sa welga ng manggagawa ng Façade Advertising sa Marilao, Bulacan, marahas na binuwag ang picketline at inaresto ng PNP Marilao ang lima (5) manggagawa at sinampahan ng kasong grave coercion. Nagwelga ang manggagawa dahil sa illegal dismissal at iba pang unfair labor practices.

Sa Imus, Cavite, nagwelga ang mga guro ng Imus Institute of Science and Technology (IIST) dahil sa paglabag sa nilalaman ng Collective Bargaining Agreement (CBA) sa pagitan ng unyon at ng administrastyon ng IIST. Sa kasagsagan ng welga noong Oktubre 2016, inaresto ang apat (4) na unyonista, kabilang si Ferdinand

Papa, isang guro ng nasabing eskwelahan at sinampahan ng kaso na unjust fixation at grave coercion.

Sampu (10) naman ang inaresto sa welga ng mangagawa ng DLTB laban sa underpayment noong Disyembre 29, 2016. Anim (6) sa kanila ang kinasuhan ng arson dahil sa di umano'y panununog ng bus sa Lemery, Batangas. Samantalang ang natitirang apat (4) naman ay inaresto sa Calamba, Laguna, sa di malinaw na dahilan liban sa welga. Ngunit itinanggi ng unyon na sila ang may kagagawan ng panununog. Pag-aari ng isang nagngangalang Atty. Narciso Morales- isa sa negosyante at supplier ng bus sa Pilipinas—ang may-ari ng DLTB. Samantala nagbaba ng Assumption of Jurisdiction (AJ) ang DOLE para mahinto raw ang sigalot.

**Pagkilos at Paglaban**

Ang mataas na pag-asa ng mamamayan sa tunay na pagbabagong ipina- ngako ni PDuterte at ng malalim rin na pagkadismaya ng manggagawa sa nakaraang taong pamumuno ang nagtutulak sa mga manggagawa para kumilos at ipanawagan ang pagtupad sa mga pangako. Matiyaga, mapag- timpi pero masigla at militante ang magkakasunod na kampuhan sa harapan ng DOLE sa pangunguna ng manggagawa sa Timog Katagalugan na dumanas ng matinding pandarahas sa ilalim ng administrasyong BS Aquino. Panawagan nila, sa kaso ng Tanduay halimbawa, ibalik ang manggagawa na ilegal na tinanggal na ayon mismo sa DOLE ay regular na manggagawa ng Tanduay Distillers at hindi ng manpower agency.

Sa unang taon ni PDuterte, siyam (9) na welga ang naitala sa kalakhan ay mula mismo sa teritoryo ng Pangulo laban sa Union-busting, illegal dismissals, contractualization at paglaban "pak yawan/piece-rate" system.

Sa Batangas city, Timog Katagalugan, sinalubong ang bagong administrasyon ng welga ng manggagawa sa Soro-Soro Ibaba Developmet Coo- perative (SIDC), Hulyo pa lamang laban sa kontraktwalisasyon. Ito ang kauna-unahang welga sa ilalim ng administrasyon. Nasundan ito ng welga ng mga guro mula sa Imus Institute of Science and Technology sa Imus, Cavite noong Oktubre 5, 2016 laban sa pagtatangka ng eskwelahan na buwaging ang unyon. Pilit ding iniiwasan ng manedsment ang pag-

uusap para sa CBA. Ilang mga welga pa ang nailunsad, sa Musahamat Farm, Freshmax, DLTB at iba.

Buong husay na naipagwagi naman ng mga mangagawa sa plantasyon ng sagingan at packing plants ng Sumitomo Fruits Co (SUMIFRU) sa Compostela Valley ang kanilang ilang oras lamang na welga laban sa sistemang pakyawan nitong Abril 18,2017. Sa koordinadong pagkilos, ng mga manggagawa, napilitan ang kapitalista na gawing arawan ang sahod ng mga mangagawa sa packing plants

Bukod sa welga ng manggagawa, matagumpay rin naiguhit ng mga tsuper at operator ng jeep sa ilalim ng PISTON ang pagtutol sa jeepney phase out. Napilitang magpaliwanag, bagamat hindi katanggap-tanggap, ang  LTFRB kaugnay sa korporatisasyon ng jeepney, ibig sabihin mula sa hiwa-hiwalay na paggawa at operasyon ng jeep ng indibidwal na operator, ang `makabagong' jeepney ay mapapailalim na sa kontrol ng isang kumpanyang magmamanupaktura nito. Dagdag pa , ang mga Pilipinong mahuhusay na gumagawa ng jeep, tulad ng SARAO ay mawawalan na sa mapa ng industriya, kasabay ng original na imahe ng dyip na nagbi-gay ng kakilanlan sa Pilipinas.

Syempre pa, pinakamatagumpay na resulta ng sama-samang pagkilos saan si Pduterte  mismo ang napilitang magpasya ay ang "Occupy Bulacan", Libong tiwangwang na proyektong pabahay ang naibigay sa mga maralitang lungsod. Sabi nga mismo ng mga maralita, hindi ito kusang ipinagkaloob ng pamahalaan bilang pagtupad sa kanyang pangako, kundi produkto ng militante at sama-samang pagkilos. Nariyan din ang positibong tugon ni Pduterte sa isyu ng pagmamay-ari ng mga magsasaka sa mga lupaing kinamkam ng La Panday Corporation sa Mindanao.

Bagamat inaangkin ng administra- syon na ang mga ito ay pagtupad sa mga pangako ng Pangulo, malinaw pa rin na ang pagkilos ng mamamayan ang lumikha ng mga tagumpay na ito.

Sa pandaigdigang saklaw, kinatigan ng UN Committee on Economic, Social and Cultural Rights ang panawagang Wakasan ang Endo system, ang mapagsamantalang kaswalisasyon  at panawagang  pagbabalik sa  national minimum wage. Hindi man kaagad agad itong mapapakinggan, mahalagang ambag na rin ito sa pagsusulong ng kampanya labang sa kontraktwa -lisasyon at para

sa pambansang sahod. Umani rin ng suporta ang kampanya laban sa gera kontra droga, panawagan laban sa Martial law, at laban sa patuloy na pampulitikang pamamaslang. Kung meron mang ibat-ibang motibo ang sumasama sa kampanyang ito, mahalagang nakakapagrehistro ng pagtutol sa patakarang ito.

Habang sinusulat ang ulat na ito, nagkakampo ang mga manggagawa mula sa ibat-ibang sektor ng ekomiya at industriya sa bansa sa DOLE at sa Mendiola. Isang malaking hamon ito sa administrasyon lalo sa DO 174-2017 na inilabas ng DOLE na higit na nagpasidhi sa diskontento ng manggagawa. Kakayanin ni PDuterte kung gugustuhin niya na maipagkaloob ang lehitimong kahilingan ng manggagawa nang sa ganoon ay matighaw man lang ang kahirapan at kagutuman na nararanasan lalo na sa Mindanao.

Kaya lang, kulang na kulang ang mga ilang tagumpay na nabanggit, kung ihahambing sa malawak na problemang kinakaharap ng mamamayan. Ito rin ang nagtutulak sa lahat ng sektor ng lipunan na puspusang ipanawagan, ikampanya at igiit ang pagtutuloy tuloy ng usapang pang-kapayapaan. Mahalaga ang kasalukuyang peace talk, lalo pat ang tinatalakay ay ang komprehensibong kasunduan sa pang-ekonomiya at panlipunang reporma (CASER). Sa kasunduan, matatalakay ang libreng pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka at pagtatayo ng mga industriya, pagpapatakbo ng ekonomiya na naayon sa pangangailangan ng mamamayan at hindi ng iilan.

**Hamon at Perspektiba**

Malaking aral ang tagumpay ng Occupy Bulacan ng mga maralita upang patuloy na maging hamon kay PDuterte na isakatuparan ang mga kanyang mga pangako. Katulad rin sa mga naunang rehimen, maitutulak lang isang estado poder ng malawak at masiglang pagkilos ng mamayan. Kaya naman ang hamon sa atin, patuloy na itulak ang mga mapangahas at mapanlikhang anyo ng pag-oorganisa ng mga mangagawa, maging unyon, samahan o iba at maitulak pa rin ang panawagan para sa national minimum wage P750 sa pribadong sektor, P16K sa pampublikong sektor at pagwawakas sa lahat ng anyo ng kontraktwalisasyon.

Isang malaking hamon papatinding pandarahas at terorismo mismo ng estado at ang mga indikasyon ng pagbabalik ng




mala Marcos na pamumuno. Litaw ang pagtutulak rin ng mga maka-Estados Unidos na heneral sa loob mismo ng gabinete ng administrasyon, maging ang mayor na taga suporta sa Kongreso para sa pagpapalawig ng Martial Law. Sa bibig mismo halimbawa nina Gen. Delfin Lorenzana, Gen Año at Gen. Hermogenes Espe-ron na target ng Martial law ay mga NPA halimbawa. Sa nakara-ang taon, hindi lang mga NPA ang kanilang tinutugis, kundi ang mga komunidad at mga orga -nisasyon na may mga lehitimong usaping ipinaglalaban. Kaya napakahalaga pa rin na suportah-an, ikampanya at itagu- yod ang usapang pangkapayapaan sa sa pagitan ng gobyerno at ng NDF at paglagda sa CASER, upang epektibong matugunan ang kahirapan, at ang mga pinakaugat ng mga armadong tunggalian.

Hindi magiging madali, ang mga susunod na taon, lalo na ang mga tagapagtaguyod ng karapatan ng mamamayan, pero tulad sa mga naunang karanasan, kailangan ang tuwinang paghahanda.#

**References:**

ABS-CBN News (July 26, 2017) “LIST: Top 8 Duterte SONA 2016 promises” in NEWS.ABS-CBN.COM. URL m/image/news/07/25/16/list-top-8-duterte-sona-2016-promises-2

Placido Dharel (June 30, 2017) “ PDEA: Year 1 of Duterte drug war a success” in NEWS.ABS-CBN.COM. URL http://news.abs-cbn.com/news/06/30/17/pdea-year-1-of-duterte-drug-war-a-success

Philippine Economic Report, World Bank, 2016

Risk Assessment in Semiconductor and Electronics Industry in the Philippines, Electronics Watch, December 2016,

CTHR (December 2016) “ Regional Risk Assessment Semiconductor and Electronics Industry, Philippines” in electronicswatch.org. URL http://electronicswatch.org/en/regional-risk-assessment-semiconductor-and-electronics-industry-philippines-december-2016_2522068.pdf

# Makining, Makibahagi

sa programang

# »Ganito Ngayon

**tuwing Lunes**
**alas 3-4 ng hapon**
**sa DWSS** *1494kHZ*, **AM**

Magtext ng inyong palagay, opinyon o komento sa mga paksang tinatalakay sa 0910.8331877 o 0906.8545894 o tumawag sa himpilan 637.0218 o 687.9144

>>hatid sa inyo ng
**Center for Trade Union and Human Rights** at
**Community Development Center**

May problema ka ba sa iyong trabaho?
Sa tingin mo ba ay nalabag ang iyong karapatan sa trabaho?

## BANTAYAN ANG KARAPATAN! MAG TEXT SA:




Hatid sa inyo ng

**CENTER FOR TRADE UNION AND HUMAN RIGHTS**

CTUHR

ctuhr.org
fb: CTUHR Manila
twitter: CTUHR
pie.ctuhr@gmail.com

☎ (02) 411-02-56

Ang **Center for Trade of Union and Human Rights** ay isang organisasyong nagtataguyod ng karapatan pantao at karapatang pangmanggagawa sa pamamagitan ng dokumentasyon, public information, mga kam¬panya, edukasyon, pagsasaliksik at pagbibigay serbisyo. Matatagpuan ang aming opisina sa 702 Culmat Build¬ing 126 E. Rodriguez Ave. Quezon City.